

**Ang *Multikultural na Australya* – *nagkakaisa, malakas, matagumpay* ang pampublikong pahayag ng Pamahalaan na muling nangangako para sa isang multikultural na Australya; naglalatag ng mga prayoridad at ma-istratehiyang mga direksyon sa darating na mga taon.**

## Paunang salita

### Punong Ministro ng Australya

Ang Australya ang pinakamatagumpay na lipunang multikultural sa mundo.

Tayo ay kasing-tanda ng ating Katutubong Australyano, ang pinakamatandang nagpapatuloy na kultura ng tao sa lupa, na nag-alaga sa bansang ito nang mahigit 50,000 taon.

At tayo ay kasimbata ng sanggol sa bisig ng kanyang migranteng ina na maaaring nanggaling mula sa alinmang bansa, alinmang pananampalataya, alinmang lahi sa mundo.

Ang Australya ay isang bansa ng migrasyon. Halos kalahati ng ating kasalukuyang populasyon ay ipinanganak sa ibayong dagat o kaya ay may isang magulang na ipinanganak sa ibayong dagat.

At tayo ay mula sa ibat ibang kultura, ibat ibang lahi, ibat ibang pananampalataya, ibat ibang bansa.

Tayo ay hindi kinilala sa pamamagitan ng lahi, relihiyon o kultura, kundi sa pamamagitan ng itinuturing nating pahahalagahan gaya ng kalayaan, demokrasya, ang panuntunan ng batas at pagkakapantay-pantay ng oportunidad - isang "patas na pagkakataon".

Ang balaning nagtitipon sa atin upang magsama-sama ay paggalang sa isa't isa - isang malalimang pagkilala na ang bawat isa sa atin ay may karapatang igalang, magkaroon ng dangal, mga oportunidad.

At pambansang seguridad - isang walang tinag na kapasyahang ipagtanggol ang ating bansa, ang ating sambayanan at ang ating mga pinahalagahan - ang pundasyon kung saan ang ating mga kalayaan ay itinatag at pinananatili.

Sa panahon ng umiigting na mga tensyong pandaigdigang at tumataas na kawalan ng katiyakan, ang Australya ay nananatiling isang matatag na halimbawa ng isang nagkakasundo, patas at masigasig na bansa, na niyayakap ang pagkakaiba-iba nito.

Ang aming pahayag na *Multikultural na Australya: Nagkakaisa, Malakas, Matagumpay* ay muling nagpapatibay sa panata ng Pamahalaan para sa isang multikultural na Australya, kung saan ang rasismo at diskriminasyon ay walang lugar.

Ipinagmamalaki ko ang aming pahayag na *Multikultural na Australya: Nagkakaisa, Malakas, Matagumpay* sa lahat ng Australyano.



**Ang Kagalang-galang na Malcolm Turnbull MP**

Punong Ministro ng Australya

## **Magkatuwang na mensahe mula sa Ministro ng mga Panlipunang Serbisyo at ng Katuwang na Ministro ng mga Panlipunang Serbisyo at mga Kalakarang Multikultural**

Maipagmamalaki ng lahat ng Australyano ang ating malakas at matagumpay na multikultural na lipunan. Ang kuwento ng Australya ay nagsimula noong matagal na panahon sa mga Australyanong Katutubo at Taga-islang Torres Strait, na yumabong sa pagkakatatag ng mga institusyong Briton, at nagpapatuloy sa mga taong mula sa mga lupang malalayo.

Ang kalayaan at seguridad na tinatamasa natin ay hindi aksidente. Sunod-sunod na mga Pamahalaan ang naglatag ng isang pananaw para sa ating lipunan na yumayakap sa pagkakaiba-iba habang nagbibigay-diin sa ating natatanging pambansang pagkakakilanlan at sa kahalagahan ng pagiging sama-sama at nagkakaisang sambayanan.

Sa panahon na maraming tao ang nababalisa tungkol sa pagsahol ng terorismo at extremism, ngayon ang tamang panahon upang pagtibaying muli ang ating matatag na panata sa demokrasya, oportunidad, at sa ating iisang pinahahalagahan.

Ang Pamahalaang Australya ay nakatuon sa seguridad ng ating bansa at sa kalayaan ng ating sambayanan. Sa aming pahayag na *Multikultural na Australya: Nagkakaisa, Malakas, Matagumpay*, ang Pamahalaan ay nagtatakda ng mga pinahahalagahang nagsulong sa ating tagumpay sa nakaraan at makakatulong sa atin upang magtagumpay sa hinaharap.


Kinikilala ng pahayag na ito na ang kultural na pagkakaiba-iba ay isa sa ating pinakadakilang lakas; isang bagay na naghahanda sa atin upang makapagtatag ng kinabukasan kung saan ang lahat ng tao ay kabilang at may pagkakataong mamuhay nang maganda. Naninindigan ito sa pagiging sentro ng ating demokratikong mga institusyon at ang tuntunin ng batas, binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng pagkamamamayan sa aming pambansang pagkakakilanlan, at nililinaw nito ang responsabilidad nating lahat na igalang ang ating mga kapwa Australyano.

Ang pahayag na ito ang pundasyong pagtatayuan ng ating multikultural na lipunan at inaantabayanan naming makatrabaho ang lahat ng mga Australyano sa walang kapagurang pagbaybay sa kalayaan at kasaganahan.



**Ang Kagalang-galang na Christian Porter MP**

Ministro sa Panlipunang mga Serbisyo



**Senador Ang Kgg Zed Seselja**

Katuwang na Ministro sa Panlipunang mga Serbisyo at Kalakarang Multikultural

## ***Multikultural na Australya: Nagkakaisa, Malakas, Matagumpay***

### **Ang iisa nating kwento**

Ang Australya ang pinakamatagumpay na lipunang multikultural sa mundo, pinagkakaisa ang maraming mga kultura, karanasan, paniniwala at tradisyon. Utang natin ang ating mga nakamtan bilang isang bansa sa mga ambag ng higit sa 300 iba't ibang mga ninuno—mula sa Katutubong Australyano hanggang pinakabagong mga nagsidating.

Tayo ay yumabong salamat sa ating kultural na mga pagkakaiba-ibang sinasalalayan ng ating iisang pinahahalagahan at panata sa kalayaan, seguridad, at kasaganahan.

Ang ating bansa ay pinayaman dahil sa mga Katutubo at Taga-Island Torres Strait, ang pinakamatandang nabubuhay na kultura sa planeta, at sa milyon-milyong sambayanang piniling magsimula ng panibagong buhay dito.

Sa mahigit sa 50,000 taon, ang Katutubong Australyano ay nanirahan, natuto, umangkop at nabuhay sa mga lupain na tinatawag natin ngayong Australya. Namuhay nang magkakalapit, sila ay binubuo ng mahigit sa 250 na iba't ibang mga grupo ng wika o 'mga bansa' sa buong kontinente, bawat isa ay may natatanging mga kultura, paniniwala, at dayalekto. Ang kaapu-apuhan ng mga bansang ito ay kumakatawan sa pinakalumang nabubuhay na kultura sa planeta at mayroong mga kuwento ng mga panahon at lugar na lampas sa gunita ng alinmang mga sambayanan.

Nagpatuloy ang kuwento sa pagtatatag ng modernong Australya, sa pamamagitan ng mga nanirahang Briton at Taga-Irlandiya at sa pagtatatag ng ating parlyamentaryong demokrasya, mga institusyon, at batas. Sa paglipas ng panahon, ang ating kuwento ay lumago sa paglahok ng milyon-milyong sambayanan mula sa lahat ng lupalop na tumuring sa Australya bilang tahanan.

Sa ngayon, mainit na tinatanggap ng mga Australyano ang mga taong nagmigrante dito upang maging bahagi ng ating malaya at bukás na lipunan, upang makapagtatag ng kanilang buhay at mag-ambag sa ating bansa.

Sa paglipas ng panahon ang pagtatagpong ito ng maraming tao ay nakatulong sa pagbuo ang ating imprastruktura, pasiglahin ang ating mga komunidad, pahasayin ang ating karanasang kultural, dagdagan ang ating mga oportunidad at, ang pinakamakabuluhan, palawakin ang ating pananaw at pakikipag-ugnayan sa mundo.

Ang pagtatatag ng pananagutan sa isa't isa sa pagitan ng pamahalaan, komunidad, at ng indibidwal – anuman ang nasyonalidad – ay nagpapatibay ng ating pang-angkop at pakiramdam na kabilang.

Sama-sama nating binuo ang moderno at manigong Australya ngayon, sa ating iisang pinahahalagahan, karapatan at responsibilidad.

## **Iisang pinahahalagahan**

Pinagkakaisa tayo ng ating mga pinahahalagahan at lumilikha ng mga pagbibigkis sa pagitan ng bawat isa sa lipunan. Ang mga ito ang nagbibigay ng pundasyon para sa ating lipunan at iisang kinabukasan kung saan ang lahat ng tao ay kabilang. Ang aming mga pinahahalagahan ay nakabatay sa:

### **PAGGALANG**

Kami ay gumagalang at kami ay sumusumpa sa pananaig ng batas at katapatan sa Australia.

Mayroon kaming paggalang sa kalayaan at dignidad ng lahat ng indibidwal.

Pinahahalagahan namin ang aming mga pagkakaiba-iba at niyayakap ang paggalang sa isa't isa, pagsasama, pagkapatas, at malasakit.

### **PAGKAKAPANTAY-PANTAY**

Sinusuportahan namin ang pagkakapantay-pantay ng kalalakihan at kababaihan.

Naniniwala kami sa pagkakapantay-pantay sa harap ng batas.

Naniniwala kami sa pagkakapantay-pantay ng oportunidad para sa lahat.

### **KALAYAAN**

Ang aming panata sa kalayaan ay isang saligan.

Sinusuportahan namin ang kalayaan ng isipan, pananalita, relihiyon, kalakalan, at samahan.

Kami ay sumusumpa sa isang parlyamentaryong demokrasya.

Tungkulin namin tuparin ang aming mga tungkuling sibiko.

Ang mga gawi at kaugaliang sumisira sa ating mga pinahahalagahan ay walang lugar sa Australia.

Lahat tayo ay nakikinabang sa tagumpay ng ekonomiya ng ating bansa, kalayaang kultural at relihiyoso, at pagkakaiba-iba. Ang pagpapanatili ng malakas na panata sa ating iisang pinahahalagahan ay para sa pinakamabuting interes ng sambayanang Australya.

### **Iisang mga karapatan at responsabilidad**

Kinikilala natin ang kahalagahan ng paggalang at responsabilidad para sa isa't isa. Ang ating tagumpay bilang isang multikultural na lipunan ay dahil sa balanse ng mga karapatan at responsabilidad na sumisiguro sa isang matatag, mapag-angkop,

at nagkakasundong lipunan kung saan ninanais nating bigyan ang lahat ng oportunidad na makapag-ambag —at makinabang sa—ating kasaganahan.

Ang ating lipunan ay itinatag sa isang liberal-demokratikong tradisyon kung saan ang mga pangunahing mga karapatan ng bawat indibidwal ay hindi malalabag.

Ang pagkamamamayan ay isang pribilehiyo at, bilang bahagi ng Seremonya ng Pagkamamamayang Australyano (Australian Citizenship Ceremony), ang mga bagong mamamayan ay nangangako at nagpapatibay ng 'katapatan sa Australya at sa sambayanan nito, na may demokratikong paniniwala na pinaniniwalaan ko, na may mga karapatan at kalayaang nirerespeto ko, at may mga batas, na aking itataguyod at susundin'.

Ang mga Australyano ay makatwirang umaasa na ang lahat ng taong nasa ating bansa, hindi man mamamayan o mamamayang Australyano, ay sumusunod sa mga batas Australyano, sumusuporta sa ating demokratikong proseso, at itinuturing ang lahat ng mga tao nang may paggalang at dignidad.

### **Isang ligtas at matatag na Australya**

Kinalalatagan ng Australyang magkakaiba at nagkakasundo ang seguridad ng ating bansa. Binibigyan ng Pamahalaang Australya ng pinakamataas na prayoridad ang kaligtasan at seguridad ng lahat ng mga Australyano. Ang kamakailang mga pag-atake ng mga terorista sa buong mundo ay makatwirang naging sanhi ng alalahanin sa komunidad ng Australya.

Ang Pamahalaan ay tumutugon sa mga pagbabantang ito sa pamamagitan ng patuloy na pamumuhunan sa kontra-terorismo, nababantayang mga hangganan, at malakas na pambansang seguridad. Nakatutulong ito upang matiyak na ang Australya ay mananatiling isang bukas, mapanlahok, malaya, at ligtas na lipunan.

Gayumpaman, sa harap ng mga bantang ito, hindi natin ikokompromiso ang ating iisang pinahahalagahan at pagkakaisa. Pinagtitiyag ng Pamahalaan na pinakamahasag nating palalakasin ang kaligtasan ng komunidad ng Australya sa pamamagitan ng pagtutok sa kung ano ang nagbubuklod sa atin at sa pagharap sa ating mga pagkakaiba nang may paggalang sa isa't isa.

### **Iisang pananaw para sa hinaharap**

Ang Australya ay pinagkakaisa ng iisang pangako sa ating bansa at sa demokratikong mga institusyon at pinahahalagahan. Hinihikayat tayong lahat upang itaguyod ang pagtanggap at pag-unawa, at paniniguro na ang ating lipunan ay patuloy na magiging ligtas, magkakabigkis, at nagkakasundo.

Sa pahayag na ito, ang Pamahalaan ay patuloy na nagtataguyod ng prinsipyo ng paggalang at nagtatakwil sa pagkamuhi sa ibang lahi at diskriminasyon dahil hindi kaayon ang mga ito ng lipunang Australyano.

Sinusuhayan nito ang iba pang mga patakaran at programa ng Pamahalaan, kasama ang maraming komunidad at mga gawaing boluntaryo, upang magsilbing inspirasyon, sumuporta at magpanatili sa ating pagkakaisa. Halimbawa:

- Sinusuportahan ng Programang Ingles sa Adultong Migrante (Adult Migrant English Program) ang karapat-dapat na mga migrante at humanitarian entrant upang matutunan ang batayang wikang Ingles at mga kasanayan sa paninirahan upang makuha nilang makilahok sa lipunan at ekonomiya ng lipunang Australyano.
- Ang Patakaran ng Pamahalaan sa Multikultural na Akses at Pagkakapantay-pantay (Government's Multicultural Access at Equity Policy) ay sumisiguro na ang mga programa at serbisyo ay tumutugon sa mga pangangailangan ng lahat ng Australyano, anuman ang kanilang wika at kulturang pinagmulan.
- Ang mga landas tungo sa pagkamamamayan ay nagbibigay sa bagong mga migrante ng oportunidad upang maging lubos at aktibong kalahok sa sibikong lipunan.
- Ang Pamahalaan ay sumusuporta sa isang malakas at magkakaibang multikultural na midya sa radyo, limbag, online at telebisyon.
- Ang Araw ng Pagkakasundo (Harmony Day) ay itinatag noong 1999 at ngayon ay ipinagdiriwang ng libu-libong Australyano sa bawat taon, nagpapakalat ng mensahe para sa lahat ng pagiging kalahok, paggalang at pagiging kabilang.
- Ang Lupon ng Multikultural na Australya (Australian Multicultural Council) ay gumaganap bilang mahalagang lupon na tagapayo, na nagbibigay ng matatag at independiyenteng payo sa Pamahalaan.

Hindi binabalewala ng mga Australyano ang ating pagkakasundo-sundo at kasaganahan. Sama-sama—bilang mga indibidwal, grupo, at lahat ng antas ng pamahalaan—patuloy tayong magtatatag ng mas malakas, mas magkakabigkis at masaganang mga komunidad, na ginagabayan ng ating iisang pinahahalagahan at ng mga sumusunod na estratehikong direksyon.

## **Panghihikayat sa paglahok ng mga bagong dating sa ekonomiya at lipunan**

Ang Australya ay may mayamang kasaysayan ng mga migranteng nag-ambag sa kultura ng ating lipunan at ekonomya. Ito ay nagpapatuloy ngayon sa ating inklusibong lipunang multikultural na nagbibigay ng mga oportunidad para sa bagong mga migrante upang mag-ambag sa tagumpay ng ating bansa.

Sama-sama, ang mga pagsisikap ng mga komunidad, paaralan, mga di-pinagkakakitaang organisasyon, mga organisasyong nakabatay sa pananampalataya, mga tagapag-empleyo, at mga pamahalaan ay nagbibigay ng mga oportunidad para sa mga tao upang positibong mag-ambag sa lipunang Australyano.

Ang mga taong nagmigrante sa Australya ay kaisa sa paghanap ng bagong mga oportunidad o mas mabuting buhay.

Kasabay nito, ang integrasyon ng bagong mga migrante at kanilang mga pamilya sa ekonomiya at lipunan ay mahalaga sa kanilang kinabukasan. Ang pakiramdam na kaugnay sa kanilang bagong tahanan at kabahagi ng lipunang Australyano ay lumilikha ng pakiramdam na mayroon silang halaga at kalahok.

Ang Pamahalaan ay nagbibigay ng isang balangkas ng paninirahan, na malawak na itinuturing bilang pinakamahusay na gawi, na dinisenyo upang makatulong sa bagong mga migranten na makasali sa buhay Australyano. Ang mga programang paninirahan ay sumusuporta sa mga migrante upang makatayo sa sariling paa at maging aktibong mga miyembro ng komunidad ng Australya.

Ang ilang bagong dating, partikular na ang mga mula sa programang takas (refugee) at makataong programa ng Australya, ay nakikinabang sa natatanging suporta. Kabilang dito ang pagtulong sa pag-aaral ng Ingles at pagkakaroon ng mga kinakailangang edukasyon o kasanayan sa trabaho. Ang Pamahalaan ay nananatiling nakatuon sa pagtulong sa mga humanitarian entrant, lalo na sa kanilang unang limang taon pagkarating sa Australya, upang makabuo sila ng mas mabuting buhay at makatayo sa sariling paa, maging ganap na nakapag-aambag na miyembro ng lipunan. Ang Pamahalaang Australya ay kasalukuyang nagrereporma ng serbisyo para sa paninirahan upang makapaghatid ng pinagbuting wikang Ingles, edukasyon at trabahong inihanda para sa mga humanitarian entrant.

## **Pagsalalay sa mga pakinabang mula sa ating pagkakaiba-iba at iisang pambansang interes**

Ang Ingles ay mananatiling ating pambansang wika at ito ay isang kritikal na sangkap para sa integrasyon ng mga migrante. Kasabay nito, ang ating lakas-paggawa na may ibat ibang wika ay nagpapalawak sa larangan ng negosyo at pinalalakas ang kalamangan ng Australya sa kompetisyon sa lumalaking globalisadong ekonomiya.

Ang ating pagkakaiba-iba sa kultura ay isa sa ating pinakamalaking yaman – binubuhay nito ang inobasyon, pagkamalikhain at kasiglahan. Ang ating ekonomya ay pinalalakas ng mga kasanayan, kaalaman, kakayahang pangwika, network at pagkamalikhain ng ating magkakaibang lakas-paggawa. Ang ating produktibidad at pakikipagkompetensya ay pinahusay sa pamamagitan ng ating kakayahang makilala at samantalain ang mga oportunidad para sa internasyonal na pang-ekonomyang mga pakikipag-ugnayan.

Kabilang dito ang mga talino ng maraming pansamantalang mga migranteng na nag-aambag sa ekonomiya at lipunan ng Australya habang sila ay naririto. Marami ang permanente nang naninirahan sa Australya, habang ang iba ay bumalik sa kanilang sariling bansa o lumipat sa ibang bansa, na higit pang nagpapalakas ng



ating pangkultura, pangkalakalan at pang-ekonomiyang mga oportunidad sa ibang bansa.

Ang Pamahalaan, mga negosyo at industriya ay pawang may ginagampanang papel sa pagtataguyod at paglalabis sa mga benepisyo ng ating magkakaibang lakas-paggawa.

## **Pagpapatuloy ng pagtatag ng mga komunidad na nagkakasundo at magkakalapit sa lipunan**

Ang iisang pinahahalagahan nating mga Australyano ang pundasyon ng ating pang-ekonomiyang kasaganahan pati na rin ng ating pagiging magkakalapit sa lipunan

Ang pagbabahagi natin ng pamanang pangkultura ay bahagi ng pagdiriwang kung ano ang ibig sabihin ng pagiging Australyano at tumutulong upang maramdamang kabilang ang lahat sa ating lipunan. Ang pagkakasundo sa komunidad ay nagtatatag ng pambansang pagkakaisa. Ang karaniwang mga karanasan ay lumilikha ng iisang kasaysayan at humuhulma ang iisang kinabukasan.

Samantalang ang rasisimo at diskriminasyon ay sumisira sa ating lipunan. Kinokondena natin ang mga taong nag-uudyok ng pagkamuhi sa ibang lahi.

Ang regular na pakikipagdayalogo sa ibat ibat pananampalataya at kultura ay kritikal upang bawasan ang posibilidad ng mga tensyon sa loob ng komunidad at upang pagtibayin ang pagbibigkis at pagkakasundo. Ang nasabing dayalogo ay tumutulong upang mabawasan ang prehudisyo, itaguyod ang lakdaw-kultural na pag-unawa, mapabuti ang relasyon sa pagitan ng iba't ibang mga grupong etniko at relihiyon, at pagtibayin ang pakiramdam na kabilang at pinagtitiwalaan.

Anuman ang kulturang pinagmulan, lugar ng kapanganakan o relihiyon, lahat ng tao sa Australya o mga taong pupunta pa lang sa Australya ay may pananagutan na makipag-ugnayan at umunawa sa bawat isa, at tanggihan ang anumang anyo ng rasisimo o marahas na extremism.

### **Konklusyon**

Sunud-sunod na Pamahalaang Australyano ang nagtatag ng matibay na panata para sa isang multikultural na Australya. Napapanahon na upang muling pagtibayin ang panata ng Pamahalaan sa pamamagitan ng bagong pahayag na ito: isang malinaw na mensahe ng mga pinahahalagahan at responsabilidad na bumubuo sa ating lipunan, sumusuporta sa ating pambansang interes at gumagabay kung paano tayo tumutugon sa mga hamon. Nagtatanghal ito ng isang pangitain para sa ating hinaharap bilang isang malakas at matagumpay na multikultural na bansa, pinagkaisa ng ating katapatan sa Australya at panata sa kalayaan at kasaganahan.

